Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

JOB SERVICES AUSTRALIA

ISANG LIBRENG SERBISYO UPANG MAKATULONG SA MGA TAGAPAG-EMPLEYO NA MAKAHANAP NG TAMANG MGA TAUHAN

Papalitan ng Pamahalaang Australia ang mga serbisyong pantrabaho katulad ng Job Network (Ugnayang Pantrabaho) ng isang bagong inilaang pamamaraaan. Ito ay isang libreng serbisyo na inilaan upang matugunan ang iyong pang-indibiduwal na mga pangangailangang pangnegosyo.

Ang Job Services Australia (Mga Serbisyong Pantrabaho sa Australia) ay nagpopokus nang husto sa pagbibigay sa iyo ng mga taong may kasanayan upang tumulong na mapalago ang iyong negosyo. Ito ay nagbibigay ng:

- mga empleyadong may kasanayan sa iyong partikular na industriya
- pagpapayo sa pagrerekluta
- screening at short listing ng mga kandidato
- pagsasanay upang magkaroon ng kasanayan ang mga naghahanap ng trabaho, sa lahat ng antas, upang maibagay sa iyong mga pangangailangang pangnegosyo
- pagkakaroon ng access sa JobSearch website ng Pamahalaang Australia upang makahanap ng tauhan, makapag-anunsiyo ng iyong mga bakante at makita ang mga impormasyon ukol sa larangan ng trabaho at pagrerekluta.

Ang Job Services Australia ay inilaan upang maging naibabagay at tumutugon sa iyong mga pangangailangang pangnegosyo.

Tulong para sa iyong negosyo

Tatasahin ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ang mga taong kailangan mo upang lumago ang iyong negosyo at malapit na makikipagtulungan sa iyo upang matagpuan ang mga ito, lalung-lalo na kung ikaw ay nasa isang industriya o sektor na dumaranas ng mga kakulangan sa mga kasanayan.

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay mga organisasyong kinontrata ng Pamahalaang Australia upang magbigay ng mga serbisyong pantrabaho at matatagpuan sa buong Australia sa mahigit na 2000 mga lokasyon. Maaari ka nilang ikonekta sa mga tamang empleyado na may tamang mga kasanayan at pagsasanay.

Paano ito gumagana

Ang Job Services Australia ay nakikipagtulungan sa mga tagapag-empleyo sa lokal na antas upang matukoy ang kinakailangang mga kasanayan, at ipaparis ang mga pangangailangang ito sa mga naghahanap ng trabaho na may angkop na kasanayan at handang magtrabaho.

Ito ay nagbibigay ng nakalaang tulong sa mga naghahanap ng trabaho at maaaring makatulong sa mga ito na makatamo ng mga kasanayan at pagsasanay na kinakailangan para sa industriya.

Mga Tagatulay ng Tagapag-empleyo (Employer Broker)

Isa sa karagdagang mga katangian ng Job Services Australia ay ang bagong espesyalisadong mga Employer Broker na makikipagtulungan sa mga serbisyong pantrabaho at mga tagapagbigay-serbisyo ng pagsasanay na maintindihan nang mas mabuti ang mga pangangailangan ng mga indibiduwal na mga tagapag-empleyo, o mga grupo ng tagapag-empleyo sa natatanging mga industriya o mga rehiyon. Ang mga Employer Broker ay magbibigay ng praktikal na tulong sa mga tagapag-empleyo na nahaharap sa kakulangan ng mga kasanayan o trabaho.

Ang iyong organisasyon ay maaari ding makilahok sa mga gawaing isinaayos ng mga Employer Broker sa iyong lokal na lugar. Ang mga proyektong ito ay maaaring magbigay ng mga solusyon sa mga kasanayang pantrabaho at iba pang tulong katulad ng mga estratehiyang nauukol sa pagpapanatili.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga : Employer Broker tumawag sa **13 17 64** o bumisita sa **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

2C09446JSA/tagalog

Magtipid ng oras at pera

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay maaari ding makatulong sa iyong negosyo sa pamamagitan ng bago-pa magkatrabaho(pre-vocational) at bokasyonal na edukasyon at pagsasanay, mga tulong sa pasahod at iba pang suporta upang makatulong na matugunan ang iyong mga pangangailangang pangnegosyo.

Mga pagkakataon para sa karanasang pantrabaho

Sa ilalim ng Job Services Australia, ang Karanasang Pantrabaho ay magbibigay-daan upang ang mga naghahanap ng trabaho ay makatamo ng mga kasanayan upang maging handa sa trabaho na kinakailangang ng mga tagapag-empleyo. Ang Pagsasanay at Karanasang Pantrabaho ay magaganap sa parehong oras, at magiging mahalagang bahagi ng kabuuang plano para sa hinaharap ng isang naghahanap ng trabaho.

Programa para sa May Pakinabang na mga Pagpupuwesto (Productivity Places Program)

Ang Productivity Places Program ay nakalaang tumulong sa mga naghahanap ng trabaho at mga umiiral na mga manggagawa na magpaunlad ng mga kasanayang kinakailangan ng industriya. Ang programang ito ay nagbibigay ng mga kwalipikasyong kinikilala sa buong bansa.

Ang Productivity Places Program ay mayroon ding mga puwesto para sa mga manggagawang naging redundant sa petsang ika-24 ng Pebrero 2009 o matapos ito na naging karapat-dapat kaagad upang maka-access ng mga puwesto para sa pagsasanay. Ito ay makatutulong sa kanila na mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa mga lugar na kinakailangan at maging handa sa pagtatrabaho para sa mga bagong pagkakataon.

Mga Tauhang Katutubo

Binago ng Pamahalaang Australia ang Programa para sa Trabahong Pangkatutubo upang magbigay ng karagdagang suporta para sa mga tagapag-empleyo na magrekluta at magpanatili ng mas maraming mga Katutubong Australiano. Kabilang sa tulong na ito ang pagkakaroon ng access sa pagsasanay at mga tulong sa pasahod.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Linya para sa Trabahong Pangkatutubo sa **1802 102**.

Paano maaaring makipaloob

Maaari mong tawagan ang iyong lokal na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia at talakayin ang iyong mga pangangailangang pangnegosyo.

Magpapaliwanag ang iyong tagasangguni at isasangguni ka sa hanay ng mga serbisyong may kaugnayan sa trabaho at susuportahan ang iyong pangangailangang makahanap ng angkop na mga tauhan.

Upang matagpuan ang iyong pinakamalapit na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia tumawag sa **13 17 64** o bumisita sa **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Makatutulong na mga website para sa mga tagapag- empleyo

Australian JobSearch: **jobsearch.gov.au**
Job Outlook: **joboutlook.gov.au**
SkillsInfo: **skillsinfo.gov.au**

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 13 17 64 o bisitahin ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.

Ang isinaling impormasyon ay maaaring makuha sa: deewr.gov.au/jobservicesaustralia_languages.

PARA SA KARAGDAGANG
IMPORMASYON
TUMAWAG SA O BUMISITA SA 13 17 64
deewr.gov.au/jobservicesaustralia